



Sohibats by

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

ANG KARAMIHAN SA MGA TAO AY NASA MALING LANDAS

Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,

Anzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,

Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin,

Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,

Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.

Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.

Authu Billahi Minash-shaitanir Rajim. Bismillahir Rahmanir Rahim.

وَإِنْ تُطِيعْ أَكْثَرَ مَنْ فِي الْأَرْضِ يُضِلُّوكَ عَنْ سَبِيلِ اللَّهِ إِنْ يَتَّبِعُونَ إِلَّا الظَّنَّ وَإِنْ هُمْ إِلَّا يَخْرُصُونَ

“Wa’in tuti’ akthara man fil ardi yudillooka ‘an sabilillahi, iyyattibi’ oona illathanna wa’in hum illa yakhrusoon.” (Sura An’am:116) Sabi ng Allah Azza wa Jalla: “If you obey most people in this world, they will mislead you from the right path.”

Sinundan nila ang kanilang Nafs. Ginagawa nila ang kagustuhan ng Shaytan at Nafs. Ito ang sitwasyon ng Mundo, kaya di mo pwedeng sabihin na dahil lamang sa ginagawa ng karamihan ay gagawin mo na rin ito. Sundan mo ang silang mga kaunting nananalig sa Allah. Sundan mo ang kanilang mga salita at gawing halimbawa ang mga nananalig sa Allah. Ito ang sabi ng Allah azza wa jalla.

Kaya hindi ibig sabihin na yun ang ginagawa ng karamihan ay yun na ang tama. Ang Tama ay ang Utos ng Allah, karamihan ay sumusunod lamang sa Nafs. Masaya ang mga tao na sundan ang kanilang Nafs at tumakbo sa daang iyon. Tumigil sa pag-iisip ang mga tao kung ano ang tama o mali kaya sa Yawmul Akhira magsisisi sila. Sinundan nila ang mga maling tao. Sa araw na iyon wala ng halaga ang pagsisisi.

Kailangan natin itong isipin habang nasa mundo tayo. Tignan kung ano ang tama o mali. Karamihan ay nasa loob ng di paniniwala sa Allah. Wag mong tignan ang kanilang kayamanan. Wala yung matutulong sa kanila.

Ninakaw nila ang mundo at dinala sa kanilang mga bansa. Wala pa rin iyong biyaya. Mundo lang ang kanilang iniisip at wala ng iba. Naghahanap sila ng iba't ibang paraan para dito. Sa daang iyon sila tumatakbo. **Sohbats by**

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Pinakita ng Allah Azza wa Jalla ang tamang daan. Katulad ng Nasihah "Hindi ibig sabihin na ginagawa ng karamihan ay dapat mo na ring gawin." Karamihan sa kanilang dinadaan ay mali, wag mong puntahan iyon kung hindi masisira ka rin. "Pumunta ka sa aking daan" sabi ng Allah azza wa jalla. Nawa'y bigyan tayo ng Allah ng pag-iisip at katalinuhan at di tayo malayo sa tamang landas In Sha Allah. Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
16 October 2016/15 Muharram 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah